

# Paano Nakakaapekto ang 2020 na Senso sa Iyong Komunidad



NORTH CAROLINA  
ASIAN AMERICANS TOGETHER

[www.ncaatogether.org/census](http://www.ncaatogether.org/census)

## Protektahan ang Kasalukuyan, Mamuhunan sa Kinabukasan

Ang data ng Senso ay tumutulong upang siguraduhin na ang iyong pamilya at komunidad ay maaaring guminhawa sa pamamagitan ng pagtamasa sa higit kumulang sa \$800 bilyong pondo ng pederal na ibabahagi bawat taon sa mga komunidad.

*Paano ito makakapagbigay ng benepisyo sa ating komunidad?*



Medicaid at Medicare



Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) o Programang Supplemental sa Tulong ng Nutrisyon



Gawad ng Pangangalaga sa Bata at Pagpapaunlad



Pagpopondo sa Kalsada



Headstart /Panimula



Mga Silid Aklatan at mga Hospital



Komprobante ng Seksyon 8 na pabahay



Gawad sa Espesyal na Edukasyon



At marami pang iba

## Kumuha ng mapagkukunan para sa inyong Komunidad

Bawat tao na napabilang sa iyong komunidad ay nangangahulugang karagdagang pederal na dolyar na magwawakas doon. Sa kabila nito, ang bawat tao na hindi makilahok sa senso ay gugugol ng ilang libong dolyar bawat taon. Dahil ang senso ay nagaganap lamang minsan bawat 10 taon, ang kawalang ito ay mangyayari bawat taon hanggang 2030, na nagdadagdag sa maraming kawalan sa pinagkukuhanan.

Ang pakikilahok sa senso ay nangangahulugang ikaw ay umaangkin sa pantay na pakikibahagi ng iyong komunidad ng pederal na pagpopondo. Huwag mawala sa salapi na nararapat sa iyong komunidad.

## Siguraduhin na Nakikita ang Iyong Komunidad

Ang data ng senso ay hindi lamang ginagamit sa pagtukoy ng pagpopondo ng pederal, ngunit nagbibigay kaalaman din sa mga gumagawa ng desisyon tungkol sa kung saan dapat ilagay ang pamumuhunan ang mga pinagkukuhanan. Ang data ng populasyon ay may malaking epekto sa komunidad dahil ang data ay makakaapekto sa pagplaplano at pamumuhunan.

Kung may tumpak na bilang,

- Matukoy ng mga lokal na distrito ng paaralan kung saan magpatayo ng bagong paaralan o magpalawak ng kasalukuyang mga paaralan
- Malalaman ng lokal na pamahalaan kung paano magplano para sa pangangailangan ng pabahay,

- Malalaman ng mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan mabigyan ng kung anong uri ng pangangalaga ang kailangan upang mabigyan ng prayoridad para sa mga populasyon sa kanilang paligid,
- Matukoy ng mga negosyante kung saan magbubukas ng bagong mga pamilihan at mga serbisyo, at
- Ang mga tagapagtaguyod ay magkakaroon ng data upang makapagplano at isulong para sa polisiya na makakatulong sa kabuhayan ng mga miyembro ng komunidad.

## Mapabilang sa Politikal na Pangangatawanan

Ang data ng senso ay kritikal sa pagsisiguro na ang inyong boses ay maririnig sa gobyerno.



Ang data ay ginagamit sa :

- Tukuyin kung ilang upuan ang nakukuha ng bawat estado sa kapulungan ng Kinatawan ng U.S. House of Representatives na naisalin sa politikal na kapangyarihan para sa iyong komunidad.
- Muling iguhit ang mapa ng politikal na distrito sa lahat ng antas ng gobyerno.
- Protektahan ang mga botante laban sa diskriminasyon base sa lahi.
- Siguraduhin na ang hurisdiksyon ay magbibigay ng tulong sa lengguahe sa mga botante.

## Bawat Kasagutan ay Mahalaga sa Iyong Komunidad

Ang ilang mga komunidad ay lalo nang “mahirap na bilangin”---ito ay nangangahulugan na sa mga komunidad na ito, maaaring maraming mga tao ang hindi sasagot sa senso. Ito ay makakadulot ng hindi proporsyonal na **bilang** sa senso---kung saan ang numero ng mga tao na nairekord ng senso ay mas maliit sa aktwal na numero ng tao na naninirahan sa komunidad. Kasama ng mga komunidad na sa kasaysayan ay mahirap na bilangin ang mga lahi at etnikong minoritya, nangungupahan, mga tao na limitado sa masulong sa Ingles, mga imigrante, at maliliit na mga bata.

Ang mga AANHPI na Komunidad na nasa Panganib na  
Hindi Nabilang sa 2020 na Senso



Mga Asyanong Amerikano na nakatira sa mahirap na mabilang na mga lugar



**Mga Katutubong mga Hawaiianns at mga Taga-islang Pasipiko na nakatira sa mahirap na mabilang na mga lugar**

Maraming mga Asyanong Amerikano, Katutubong mga Hawaiianns, at mga Taga-isla na Pasipiko ay naninirahan sa mga mahirap na bilangin na kabahayan kung saan may mga mataas na rata ng kahirapan at kawalan ng trabaho, malaking pagsubok sa paghanap ng matatag at abot-kayang pabahay, mababang antas ng edukasyon at mas malaking hadlang sa lengguahe. Ang mababang bilang ay magreresulta ng pagkawala ng pondong pederal na dapat sanang mapunta sa pagtugon sa pangangailangan ng mga Asyanong Amerikano, Katutubong mga Hawaiianns, at Taga-isla na Pasipiko.

Ang bawat pakikilahok ng mga tao sa senso ay mahalaga upang masiguro na ang komunidad ay nabilang nang buo sa 2020 at makakatanggap ng pantay na bahagi para sa darating na dekada.

*Ikaw ay maaaring makahanap ng iba pang impormasyon tungkol sa senso sa [www.countusin2020.org/resources](http://www.countusin2020.org/resources).*